ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

# Cooperative Strategies in the Lens of Filipino Teacher Educators: An Appreciative Inquiry Study

**Sandra C. Madaliday[1], Nor-en E. Bangkulit, PhD[2]**

[1]Provincial health office of Isulan Sultan Kudarat, Philippines
Email: sandranor1992gmail.com
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
Email: nor-enbangkulit@sksu.edu.ph

**Abstract**

In the ever-evolving field of education, employing effective teaching strategies is crucial for enhancing student skills, particularly in the Filipino language. This study utilized the Appreciative Inquiry methodology to examine the cooperative strategies employed by veteran Filipino teachers and how they contribute to improved learning outcomes. The research involved eight participants, all Filipino language specialists from Sultan Kudarat State University with at least three years of teaching experience, selected through purposive sampling. Thematic analysis was employed to analyze the data. The study found that cooperative strategies fostered greater student engagement, deeper understanding of the subject matter, and improved communication skills. However, teachers encountered challenges such as time management and uneven student participation. To address these, they implemented clear role assignments, provided guidance, and utilized conflict resolution techniques. Based on the analysis, the use of cooperative teaching methods in Filipino instruction significantly contributed to increased student participation and engagement. Overall, this study confirmed the effectiveness of cooperative strategies in fostering collaboration, trust, and positive relationships within the classroom.

**Keywords**: appreciative inquiry, effective teaching strategies, cooperative teaching methods, Filipino instruction

## Introduction

Sa panahon ng mabilis na pagbabago sa larangan ng edukasyon, mahalaga ang pagtuklas at paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino. Susi sa makabuluhang pagkatuto ang mahusay at planadong estratehiya. Sa katunayan, marami ng mga estratehiya ang nabubuo na maaaring gamitin ng mga guro sa kanilang aralin tulad na lamang ng mga gawaing kabilang sa kooperatibong estratehiya. Gayunpaman, nananatiling hamon pa rin sa kanila ang epektibong integrasyon ng mga ito sa kanilang pagtuturo. Sa kabila ng positibong epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral, iilan lamang sa mga guro ngayon ang gumagamit ng mga kooperatibong estratehiya sa kanilang pagtuturo at nananatili sa tradisyunal na pamamaraan. Dagdag pa, ang kooperatibong estratehiya ay malawak nang ginagamit at napatunayan nang epektibo sa pagpapabuti ng mga resulta ng pag-aaral (Gillies, 2019). Sa kabila ng mga tagumpay na ito, nananatili ang puwang sa literatura sa kung paano maiaakma ang mga estratehiyang ito sa iba't ibang asignatura tulad ng wika at panitikan (OECD, 2021).

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

Ayon din sa mga pag-aaral, ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, kabilang ang mga kooperatibong pamamaraan ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino (Santos et al., 2021). Gayunpaman, nananatiling hamon para sa mga guro ang limitadong kagamitan at pagsasanay sa paggamit ng mga makabagong estratehiya, lalo na sa mga pampublikong paaralan. Iilan lamang ito sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa kanilang pamamaraan ng pagtuturo na may malaking epekto sa pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Bagamat maraming pag-aaral ang nagsuri ng mga benepisyo ng paggamit ng kooperatibang estratehiya sa pagtuturo, kakaunti ang mga pananaliksik na tumutol sa mga karanasang kinakaharap ng mga guro sa praktikal na implementasyon ng kooperatibang pagtuturo. Ayon sa mga naunang pag-aaral at literatura, ang karamihan any nakatuon sa pagtukoy sa paggamit ng kolaboratibo at kooperatibang pagdaloy, pamamaraan, at estratehiya sa pagtuturo ng iba`t ibang estratehiya (Mariana, eta 2020, Bago, 2021).

Sa mga pangyayaring ito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral at pagsusuri upang punan ang mga puwang na ito sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga karanasan ng mga dalubhasang guro sa paggamit ng kooperatibang estratehiya sa pagtuturo sa Filipino upang magbigay ng mas malalalim na pag-unawa at mas makabuluhang rekomendsyon para sa pagpapahusay ng paggamit ng kooperatibong estratehiya sa lokal na sistema ng edukasayon.

Naniniwala ang mananaliksik na mas malilinang ang pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro kapag sila ay gagamit ng kooperatibong estratehiya sa kanilang pagtuturo at upang mapaunlad nito ang kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Umaasa rin ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay maging kapaki-pakinabang sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino at maging sa lahat ng larangan.

**Research Objective**

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin at ilarawan ang mga pananaw at karanasan ng mga dalubhasang guro sa Filipino sa paggamit ng kooperatibong estratehiya sa kanilang pagtuturo.

**Theoritical Framework**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa tatlong pangunahing teorya: ang *Teacher Professional Development Theory* ni Day (1999), Social Interdependence Theory ni Johnson at Johnson (2005), Constructivist Theory ni Vygotsky (1978).

Ang *Teacher Professional Development Theory* na isinulong ni Day (1999) ay isinasama upang mas mapalalim ang pag-unawa sa pagpapabuti ng kasanayan ng guro sa pamamagitan ng patuloy na propesyonal na pag-unlad. Ang bawat teorya ay nagbibigay-liwanag sa kahalagahan ng kooperasyon, aktibong karanasan at pagbabahagi ng kaalaman sa proseso ng pagbuo ng mga makabuluhang materyales sa pagtuturo, tulad ng polyeto. Sa pamamagitan ng ugnayan ng mga teoryang ito, mas pinapahalagahan ang kolektibong pagkatuto at praktikal na aplikasyon ng mga karanasan ng mga guro, na nagiging daan para sa mas epektibong disenyo ng mga materyales sa pagtuturo.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

Ang *Social Interdependence Theory* ni Johnson at Johnson (2005) ay nagsasaad na ang positibong interaksyon ng mga mag-aaral ay mahalaga upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto. Sa teoryang ito, ang tagumpay ng isang mag-aaral ay may kaugnayan sa tagumpay ng iba, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng kooperasyon. Ang teoryang ito ay tumutulong sa pagpapaliwanag kung paano nagkakaroon ng mas aktibong pagkatuto ang mga mag-aaral kapag ginamit ng mga guro ang kooperatibong estratehiya. ang mga ideya ng mga guro sa Filipino ay maaaring pagsamahin upang makabuo ng makabago at mabisang materyales sa pagtuturo.

Ayon kay Vygotsky (1978), ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng sosyal na interaksyon at *scaffolding,* kung saan ang mas bihasang indibidwal ay tumutulong sa iba upang maabot ang mas mataas na antas ng pagkatuto. Ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa kooperasyon ng mga guro sa pagbabahagi ng kani-kanilang mga karanasan at diskarte sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, na nakabatay sa aktwal na mga karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga teoryang ito ay nagbibigay ng isang matibay na batayan para sa pag-unawa sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo na patuloy na pag-unlad ng mga guro upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan at diskarte sa pagtuturo.

**Methodology**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *qualitative design* sa pamamagitan ng ***Appreciative Inquiry* (AI)** upang tuklasin ang pananaw at karanasan ng mga dalubhasang guro sa Filipino hinggil sa paggamit ng kooperatibong estratehiya sa kanilang pagtuturo pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang ***Appreciative Inquiry*** ay isang positibong pamamaraan sa pananaliksik na nakatuon sa pagtuklas ng mga pinakamahuhusay na kasanayan at pag-uugali sa mga kasalukuyang sistema sa halip na magtuon sa mga problema o kakulangan (Cooperrider & Srivastva, 2018).

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Sultan Kudarat State University sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ang seleksyon ng mga paaralan ay nakabatay sa kanilang pagkakaroon ng mga kwalipikadong guro sa Filipino, at mga programa o inisyatiba na sumusuporta sa mga kooperatibong estratehiya sa pagtuturo. Ang mga kalahok ay mga guro sa Filipino na kasalukuyang nagpapakadalubhasa sa Sultan Kudarat State University. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay pinili batay sa sumusunod na pamantayan *(Inclusion Criteria):* 1.**Propesyonal na Kwalipikasyon** – Ang kalahok ay isang guro sa Filipino na kasalukuyang nagtuturo sa antas ng basic education o higher education. 2.**Edukasyong Panggradwado** – Ang kalahok ay kasalukuyang nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Sultan Kudarat State University (SKSU). **3.Karanasan sa Pagtuturo** – May sapat na karanasan sa paggamit ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. **4.Kakayahang Makibahagi** – Handa at may kakayahang lumahok sa panayam o pagsagot sa mga kaugnay na instrumento ng pananaliksik. **5.Pagpayag sa Pakikilahok** – Kusang-loob na nagpahayag ng pagsang-ayon na lumahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng *informed consent.*

Isang *semi-structured* na interbyu ang ginamit sa pag-aaral na ito bilang isang eksploratoryo na kasangkapan na ginamit sa interbyu at *Focus Group Discussion* (FGD) upang tuklasin ang mga kooperatibong estratehiya na ginagamit ng mga batikang guro sa Filipino. Ang instrumentong ito ay binigyan ng pagpapatibay ng isang panel ng mga tagasuri na mga eksperto sa paggawa ng mga kaugnay na instrumento.Para sa antas ng balidasyon, isang naangkop na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

kasangkapan sa pagsusuri mula sa SKSU IMPC na isinalin sa Filipino ang ginamit ng mananaliksik.

## Results and Discussions

### Tematikong Pagsusuri ng mga Karanasan ng Batikang Guro sa Paggamit ng Kooperatibang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino

Ang pagsusuring ito ay nagpapakita ng mga pangunahing temang lumilitaw mula sa mga karanasan ng batikang guro sa paggamit ng kooperatibong estratehiya. Ang mga datos ay nagpapakita ng positibong epekto ng estratehiya sa partisipasyon, interaksyon at pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang itinatampok din ang ilang hamon sa implementasyon nito sa klasru

**Talahanayan 1.Tematikong Pagsusuri ng mga Karanasan ng Batikang Guro sa Paggamit ng Kooperatibang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino**

| Lumilitaw na mga Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Kodigo | Mga Orihinal na Pahayag mula sa mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Mas mataas na antas ng pakikilahok ng mag-aaral | Aktibong Partisipasyon at Interaksyon | Mas aktibong partisipasyon, masiglang talakayan, pakikipagtulungan | "Ang mga mag-aaral ay nagtulungan sa paggawa ng isang proyekto, nagbahaginan ng ideya, at nagtulungan upang mapagtagumpayan ang mga hamon." (P1) |
| Mas malalim na pag-unawa sa aralin | Pagpapalalim ng Kaalaman | Mas malalim na pag-unawa, mas makahulugan ang talakayan, pagbabahaginan ng ideya | "Napansin kong mas naging aktibo ang mga tahimik na mag-aaral, at nagkaroon sila ng tiwala na ibahagi ang kanilang mga sagot sa mas malaking grupo." (P2) |
| Paglinang ng kasanayan sa komunikasyon at pagtutulungan | Pagtutulungan at Pakikisalamuha | Pakikisalamuha, komunikasyon, pagtutulungan | "Sa pamamagitan nito, nagiging mas bukas ang komunikasyon at nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at respeto sa isa't isa." (P1) |
| Hamon sa pamamahala ng oras at pantay na partisipasyon | Hamon sa Implementasyon | Pamamahala ng oras, pantay na partisipasyon | "Gayunpaman, nakaranas din sila ng hamon sa pamamahala ng oras at pagtitiyak ng pantay na partisipasyon sa grupo." (P2) |
| Kooperasyon sa pangkatang Gawain | Sama-samang Pagkatuto | Pangkatang gawain, peer teaching, pagbabahaginan ng kaalaman | "Ang mga mag-aaral nagkakaroon ng pangkatang gawain. Sa ganitong paraan ay nahahasa ang kanilang kakayahan sa paglalahad ng ideya at pakikisalamuha sa iba." (P3) |
| Positibong epekto sa relasyon ng guro at mag-aaral | Pagbuo ng Positibong Ugnayan | Positibong relasyon, tiwala, respeto | "Nagkakaroon ng mas malalim na koneksyon at tiwala sa loob ng klase." (P2) |
| Interaktibong pagkatuto sa tulong ng malikhaing estratehiya | Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo | Malikhaing estratehiya, aktibong pakikilahok, kasanayan sa pagsasalita | "Hinati ko sila sa maliliit na grupo at ang bawat isa ay may ginagampanang karakter sa larangan ng pagbabalita." (P5) |
| Pagtanggap ng iba't ibang pananaw sa talakayan | Kritikal na Pag-iisip at Pagtanggap ng Opinyon | Kritikal na pag-iisip, paggalang sa opinyon, pagbabahagi ng ideya | "Nakatutulong din ito sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa komunikasyon at paggalang sa opinyon ng iba." (P2) |

Ang paggamit ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay nagdulot ng iba't ibang epekto sa mga mag-aaral at guro. Sa pagsusuri ng mga pahayag ng mga kalahok, lumitaw

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

ang walong pangunahing tema na nagpapakita ng positibong epekto ng estratehiya pati na rin ang ilang hamon sa implementasyon nito sa klasrum.

**Tema 1: Mas Mataas na Antas ng Pakikilahok ng Mag-aaral**

Ang aktibong partisipasyon at interaksyon ng mga mag-aaral ay isa sa mga mahalagang resulta ng paggamit ng kooperatibong estratehiya. Ayon sa isang guro, *"ang mga mag-aaral ay nagtulungan sa paggawa ng isang proyekto, nagbahaginan ng ideya, at nagtulungan upang mapagtagumpayan ang mga hamon" (P1).*

Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa isang kapaligiran ng kooperatibong pagkatuto, kung saan ang pagbabahagi ng ideya at sama-samang pagtugon sa mga hamon ay naging susi sa kanilang tagumpay. Ang ganitong uri ng interaksyon ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa aralin at pagpapalakas ng kanilang mga kasanayan sa pakikipagtulungan, kritikal na pag-iisip, at problem-solving.

Ayon sa pag-aaral nina Johnson at Johnson (2019), ang kooperatibong pagkatuto ay hindi lamang nagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral kundi nagtataguyod din ng mas aktibong partisipasyon sa klase. Kapag ang mga mag-aaral ay may pagkakataong magtulungan, mas nagiging responsable sila sa kanilang pagkatuto at mas nagkakaroon ng positibong pananaw sa mga gawain sa paaralan.

**Tema 2: Mas Malalim na Pag-unawa sa Aralin**

Isa pang lumitaw na tema ay ang pagpapalalim ng kaalaman. Sinabi ng isang guro, *"napansin kong mas naging aktibo ang mga tahimik na mag-aaral, at nagkaroon sila ng tiwala na ibahagi ang kanilang mga sagot sa mas malaking grupo" (P2).*

Ang obserbasyong ito ay nagpapakita ng positibong epekto ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo, partikular sa mga mag-aaral na kadalasang mahiyain o hindi aktibong nakikilahok sa tradisyonal na klase. Sa pamamagitan ng pangkatang gawain, nagkakaroon sila ng mas ligtas at komportableng kapaligiran upang ipahayag ang kanilang mga ideya.

**Tema 3: Paglinang ng Kasanayan sa Komunikasyon at Pagtutulungan**

Ayon sa isang guro, *"Sa pamamagitan nito, nagiging mas bukas ang komunikasyon at nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at respeto sa isa't isa" (P1).*

Sa pamamagitan nito, nagiging mas bukas ang komunikasyon at nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at respeto sa isa't isa. Ito ay nagpapahiwatig na ang kooperatibong pagkatuto ay hindi lamang isang estratehiya sa pagtuturo kundi isang mekanismo rin para sa pagpapalakas ng interpersonal na relasyon sa loob ng silid-aralan. Kapag ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga talakayan at sama-samang nilulutas ang mga gawain, natututo silang makinig nang may paggalang, ipahayag nang maayos ang kanilang pananaw, at unawain ang iba't ibang perspektiba.

Ang kahalagahan ng komunikasyon sa kooperatibong pagkatuto ay binigyang-diin nina Kagan at Kagan (2018), na nagpapakitang ang ganitong estratehiya ay nagpapalakas ng interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at tumutulong sa pagbuo ng tiwala. Sa pamamagitan ng

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

patuloy na pakikipag-ugnayan, lumilikha ito ng positibong ugnayan na nagtataguyod ng isang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.

**Tema 4: Hamon sa Pamamahala ng Oras at Pantay na Partisipasyon**

Isa sa mga pangunahing hamon sa implementasyon ng estratehiya ay ang pamamahala ng oras at pantay na partisipasyon. Ayon sa isang guro, *"gayunpaman, nakaranas din sila ng hamon sa pamamahala ng oras at pagtitiyak ng pantay na partisipasyon sa grupo" (P2).*

Gayunpaman, nakaranas din sila ng hamon sa pamamahala ng oras at pagtitiyak ng pantay na partisipasyon sa grupo (P2). Ipinakita sa pag-aaral nina Webb at Palincsar (2020) na ang ilan sa mga limitasyon ng kooperatibong pagkatuto ay ang hindi pantay na kontribusyon ng mga mag-aaral at ang pangangailangan ng maayos na paglalaan ng oras.

**Tema 5: Kooperasyon sa Pangkatang Gawain**

Ipinahayag ng isang guro na, *"ang mga mag-aaral nagkakaroon ng pangkatang gawain. Sa ganitong paraan ay nahahasa ang kanilang kakayahan sa paglalahad ng ideya at pakikisalamuha sa iba" (P3).*

Ang pangkatang gawain ay isang mahalagang estratehiya sa pagtuturo na hindi lamang nagpapalakas ng interaksyon sa loob ng silid-aralan kundi nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng sama-samang pagkatuto, natututo ang mga mag-aaral na makinig sa iba't ibang pananaw, magbigay ng kanilang sariling opinyon nang may kumpiyansa, at makipagtulungan upang makamit ang isang layunin.

**Tema 6: Positibong Epekto sa Relasyon ng Guro at Mag-aaral**

Ayon sa isang guro, *"Nagkakaroon ng mas malalim na koneksyon at tiwala sa loob ng klase" (P2).* Ang pahayag ng kalahok na ay nagpapakita ng mahalagang papel ng kooperatibong estratehiya sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikisalamuha ng mga mag-aaral. Ang pangkatang gawain ay hindi lamang nagtataguyod ng aktibong partisipasyon kundi nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya at matuto mula sa iba.

Ayon sa pananaliksik nina Johnson at Johnson (2020), ang peer teaching at pangkatang gawain ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, dahil hinahasa nito ang kanilang kakayahang magpaliwanag at makipagtulungan sa iba., at pagpapalakas ng interaksiyon sa loob ng klase.

**Tema 7: Interaktibong Pagkatuto sa Tulong ng Malikhaing Estratehiya**

Ayon sa isang guro, *"Hinati ko sila sa maliliit na grupo at ang bawat isa ay may ginagampanang karakter sa larangan ng pagbabalita"* (P5). Ipinapakita nito na ang kooperatibong estratehiya ay hindi lamang nagtataguyod ng pagtutulungan kundi nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga mag-aaral na aktibong lumahok sa kanilang pagkatuto. Sa ganitong pamamaraan, mas nagiging makabuluhan at kawili-wili ang kanilang pagkatuto dahil sila mismo ang gumaganap sa proseso ng pagkatuto.

Ayon kay Fisher et al. (2021), ang paggamit ng malikhaing estratehiya tulad ng pagsasadula ay nagpapataas ng pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pahayag na ito

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

ay sumusuporta sa karanasan ng guro, kung saan ang pagsasama ng mga interaktibong elemento sa pagtuturo, tulad ng pagbabalita sa pangkat, ay nagiging epektibong paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa talakayan.

**Lumitaw na Tema 8: Pagtanggap ng Iba't Ibang Pananaw sa Talakayan**

Ang kritikal na pag-iisip at pagtanggap ng opinyon ng iba ay isang mahalagang aspeto ng kooperatibong estratehiya. Ayon sa isang guro, *"Nakatutulong din ito sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa komunikasyon at paggalang sa opinyon ng iba" (P2).* Ayon sa pananaliksik nina Brookfield at Preskill (2019), ang pagbabahaginan ng ideya sa loob ng isang pangkat ay nagpapalakas ng kasanayang metakognitib ng mga mag-aaral. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Dillenbourg at Fischer (2021), na nagpapakita na ang kolaboratib na pagkatuto ay nagpapataas ng analitikal at kasanayan sa replektibong pag-iisip.

Batay sa mga natuklasan, malinaw na ang paggamit ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay may positibong epekto sa pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may mga hamon tulad ng pamamahala ng oras at pantay na partisipasyon na kailangang tugunan.

**Tematikong Pagsusuri ng mga Papel ng Kooperatibong Estratehiya sa Dalubhasang Pagtuturo at Aktibong Partisipasyon ng mga Mag-aaral**

**Talahanayan 2. Tematikong Pagsusuri ng mga Papel ng Kooperatibong Estratehiya sa Dalubhasang Pagtuturo at Aktibong Partisipasyon ng mga Mag-aaral**

| Lumilitaw na mga Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Kodigo | Mga Orihinal na Pahayag mula sa mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Aktibong Partisipasyon ng Mag-aaral | Pagpapalakas ng Interaksiyon | Pakikipagtulungan, partisipasyon, tiwala | "Ang kooperatibong estratehiya ay nagpapalakas ng pakikipagtulungan at interaksiyon sa klase." (P1) |
| | | Komunikasyon, kritikal na pag-iisip | "Nagiging daan para sa mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral." (P1) |
| Estratehiya sa Pagpapatupad | Mga Teknik sa Pagtuturo | Maliit na grupo, malinaw na layunin, interaktibong aktibidad | "Gagamitin ko ang pagbubuo ng maliliit na grupo, malinaw na layunin, at interaktibong mga aktibidad." (P1) |
| | | Alituntunin, patnubay, feedback | "Upang maisakatuparan ang kooperatibong estratehiya, gagamit ako ng malinaw na alituntunin." (P2) |
| Pakinabang ng Kooperatibong Estratehiya | Positibong Ugnayan sa Loob ng Klase | Bukas na komunikasyon, pagtutulungan, respeto | "Natututo ang bawat kasapi. Nagkakaisa sila at mas nagkakaroon sila ng positibong ugnayan." (P3) |
| | | Pagtangkilik sa opinyon ng iba, pakikinig | "Napansin kong mas naging bukas ang mga mag-aaral sa pakikisalamuha." (P2) |
| Hamon sa Kooperatibong Estratehiya | Mga Hadlang sa Epektibong Pagtutulungan | Hindi pantay na partisipasyon, kakulangan sa komunikasyon | "Oo, ang mga mag-aaral ay minsang nahihirapan sa pakikipagtulungan at komunikasyon sa grupo." (P1) |
| | | Mahiyain, kakulangan ng tiwala sa sarili | "Mayroon mga mag-aaral na mahiyain ngunit hinihikayat ko sila na huwag mahiya na makipag-usap." (P4) |
| Mga Solusyon sa Hamon | Mga Paraan ng Guro sa Pagtulong | Gabay, roles, conflict resolution | "Nagbigay ako ng malinaw na mga gabay at roles, nagfasilitate ng open dialogue, at nagturo ng conflict resolution techniques." (P1) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Pagbibigay ng feedback, pagpapahalaga sa kontribusyon ng lahat | "Hinihikayat ko ang bukas na komunikasyon, malinaw na pagtatakda ng tungkulin, at pagbibigay ng gabay." (P2) |

**Tema 1: Aktibong Partisipasyon ng Mag-aaral**

Ang paggamit ng kooperatibong estratehiya ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng interaksiyon sa loob ng silid-aralan. Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay mas aktibong nakikilahok sa talakayan at mas nagiging tiwala sa pagpapahayag ng kanilang mga opinyon. Ayon kay P1, *"Ang kooperatibong estratehiya ay nagpapalakas ng pakikipagtulungan at interaksiyon sa klase."* Samantala, binanggit ni P2 na *"Nagiging daan para sa mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral."* Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na sa pamamagitan ng kooperatibong estratehiya, nagkakaroon ng mas bukas na komunikasyon ang mga mag-aaral, kaya mas nagiging epektibo ang kanilang pakikilahok sa talakayan.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Gillies at Boyle (2019), kung saan natuklasang ang pakikilahok sa interaktibong mga gawain ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at kolaborasyon. Ipinapakita ng mga pananaliksik na ito na ang kooperatibong estratehiya ay hindi lamang nagtataguyod ng aktibong partisipasyon kundi nakatutulong din sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral.

**Tema 2: Estratehiya sa Pagpapatupad**

Ang bisa ng kooperatibong estratehiya ay nakasalalay sa mga tiyak na teknik sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro. Batay sa interbyu, epektibo ang pagbubuo ng maliliit na grupo at ang pagtatakda ng malinaw na layunin upang mapadali ang partisipasyon ng bawat mag-aaral. Ipinahayag ni P1 na *"Gagamitin ko ang pagbubuo ng maliliit na grupo, malinaw na layunin, at interaktibong mga aktibidad."* Dagdag naman ni P2, *"Upang maisakatuparan ang kooperatibong estratehiya, gagamit ako ng malinaw na alituntunin."*

Ayon kay Slavin (2021), ang epektibong kooperatibong estratehiya ay nakasalalay sa tamang istruktura ng pangkatang gawain. Dagdag pa rito, binanggit ni Kagan (2019) na ang pagsasama ng patnubay at tugon sa bawat Gawain ay isang mahalagang salik sa tagumpay ng kooperatibong pagkatuto.

Lumitaw na Tema 4: Pakinabang ng Kooperatibong Estratehiya

Isa sa mahahalagang resulta ng paggamit ng kooperatibong estratehiya ay ang pagkakaroon ng positibong ugnayan sa loob ng klase. Ayon kay P3, *"Natututo ang bawat kasapi. Nagkakaisa sila at mas nagkakaroon sila ng positibong ugnayan."* Sinabi rin ni P2 na *"Napansin kong mas naging bukas ang mga mag-aaral sa pakikisalamuha."* Ayon sa pananaliksik nina Vygotsky (2020), ang interaksyong sosyal ay isang mahalagang aspeto sa pagkatuto, lalo na sa kooperatibong estratehiya.

**Tema 3: Hamon sa Kooperatibong Estratehiya**

Bagama't maraming benepisyo ang kooperatibong estratehiya, may mga hamon ding kinakaharap ang mga guro at mag-aaral sa pagsasagawa nito. Kabilang dito ang hindi pantay na partisipasyon at kakulangan sa komunikasyon. Ipinahayag ni P1 na *"Oo, ang mga mag-aaral ay minsang nahihirapan sa pakikipagtulungan at komunikasyon sa grupo."* Dagdag pa ni P4, *"Mayroon mga mag-aaral na mahiyain ngunit hinihikayat ko sila na huwag mahiya na makipag-usap."*

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

Ayon sa pag-aaral nina Gillies (2022), isang hamon sa kooperatibong estratehiya ang hindi balanseng partisipasyon, lalo na sa mga mag-aaral na mahiyain. Ipinapakita nito na hindi lahat ng mag-aaral ay may parehong antas ng kumpiyansa o kagustuhang makilahok sa mga pangkatang gawain. May ilang mag-aaral na mas pinipiling manatiling tahimik at umaasa na lamang sa kanilang mga kasamahan upang tapusin ang gawain.

Lumitaw na Tema 5: Mga Solusyon sa Hamon

Upang matugunan ang mga hamon sa pagpapatupad ng kooperatibong estratehiya, mahalaga ang malinaw na gabay ng guro at ang pagbibigay ng tiyak na tungkulin sa bawat kasapi ng pangkat. Ang istrukturadong pamamahala ng guro ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng aktibong pakikilahok at epektibong interaksyon ng mga mag-aaral.

Sinabi ni P1 na, ***"Nagbigay ako ng malinaw na mga gabay at gampanin, ginabay at nagturo ng conflict resolution techniques."*** *I*pinapakita nito na ang pagpapaliwanag ng malinaw na alituntunin at pagbibigay ng tiyak na papel sa bawat mag-aaral ay mahalaga upang mapanatili ang kaayusan sa pangkatang gawain. Samantala, binanggit ni P2 na, **"Hinihikayat ko ang bukas na komunikasyon, malinaw na pagtatakda ng tungkulin, at pagbibigay ng gabay."** Ipinapahiwatig nito na ang pagbibigay-diin sa komunikasyon at malinaw na direksyon ay nakakatulong sa pagpigil sa hindi pantay na partisipasyon at mga hindi pagkakaunawaan sa grupo.

**Mga aspeto ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ang higit mong pinahahalagahan ng mga batikang guro sa Filipino**

**Talahanayan 3. Tematikong Pagsusuri ng mga aspeto ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ang higit mong pinahahalagahan ng mga batikang guro sa Filipino**

| Lumilitaw na mga Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Kodigo | Mga Orihinal na Pahayag mula sa mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Aktibong Pakikilahok | Pakikilahok at Kolaborasyon | Aktibong partisipasyon, mas malalim na pag-unawa, makahulugang talakayan | "Ang pinakamahalagang aspeto ng kooperatibong estratehiya ay ang aktibong pakikilahok at pagtutulungan ng mga mag-aaral, na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagkatuto." (P1) |
| Malinaw na Gabay at Pamantayan | Pamamahala ng Grupo | Malinaw na alituntunin, patas na distribusyon ng gawain, rubriks | "Nagbibigay ako ng mga pamantayan kung paano nila simulan ang kanilang mga gagawin, gumagawa ako ng rubriks para maiwasan ang pagiging bias at nagbibigay ako ng feedbacking sa kanilang mga gawain." (P5) |
| Pag-unlad ng Kasanayan sa Komunikasyon | Benepisyo ng Kooperasyon | Komunikasyon, respeto, tiwala sa sarili | "Ang kooperasyon ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, mapalalim ang pag-unawa sa aralin, at mapaigting ang pagtutulungan at respeto sa isa't isa." (P2) |
| Inklusibong Kapaligiran | Suportadong Kapaligiran | Pagtanggap sa pagkakaiba, positibong interaksyon | "Ang kooperatibong estratehiya ay isang epektibong pamamaraan sa pagtuturo. Nakatutulong ito sapagkat nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita at maipamalas ang kanilang sariling kakayahan at talento anuman ang antas ng kanilang pagkatuto." (P5) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Malinaw na Komunikasyon | Pantay na Partisipasyon | Pakikinig, pagbabahagi ng ideya, pagbibigay-gabay | "Sa aking karanasan, ang malinaw na komunikasyon at ang pantay na partisipasyon ng bawat miyembro ang pinakamahalaga para sa tagumpay ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo." (P6) |
| Pagtutulungan sa Pangkat | Kolaborasyon at Gawain | Kooperasyon, suporta sa isa't isa | "Ang partikular na benepisyo ay natututo sila sa kanilang pangkatang gawain sa tulong ng kanilang mga kasama sa pangkat dahil may kooperasyon na nangyayari." (P4) |
| Pagpapahalaga sa Oras at Atensyon | Epektibong Pamamahala | Oras, atensyon, pag-unawa | "Sa tingin ko pinakamahalaga ay oras, atensyon at pag-unawa sa epektibong pagtuturo." (P4) |

**Tema 1: Aktibong Pakikilahok**

Isa sa mga mahahalagang aspeto ng kooperatibong estratehiya ay ang **aktibong pakikilahok** ng mga mag-aaral. Ang kanilang aktibong partisipasyon sa talakayan ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagkatuto.

Ayon kay Johnson at Johnson (2019), ang aktibong pakikilahok sa kooperatibong pagkatuto ay nagpapataas ng akademikong tagumpay at nagpapalakas ng interpersonal na kasanayan ng mga mag-aaral. Pinatotohanan ito ng isang guro na nagsabing, *"Ang pinakamahalagang aspeto ng kooperatibong estratehiya ay ang aktibong pakikilahok at pagtutulungan ng mga mag-aaral na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagkatuto."* (P1).

**Tema 2: Malinaw na Gabay at Pamantayan**

Upang matiyak ang organisasyon ng grupo at maiwasan ang *bias* sa pagtataya, kailangang may **malinaw na gabay at pamantayan** sa kooperatibong mga gawain. Sa pamamagitan ng malinaw na alituntunin at patas na distribusyon ng mga gawain, nagkakaroon ng kaayusan sa bawat pangkat. Ayon kay Gillies (2020), ang malinaw na istruktura sa kooperatibong gawain ay isang mahalagang salik upang mapanatili ang pagiging organisado at produktibo ng grupo. Isa sa mga guro ang nagbahagi ng kanyang karanasan: *"Nagbibigay ako ng mga pamantayan kung paano nila simulan ang kanilang mga gagawin, gumagawa ako ng rubriks para maiwasan ang pagiging bias at nagbibigay ako ng feedbacking sa kanilang mga gawain."* (P5).Samantala, binigyang-diin naman ni Vygotsky (2018) na ang malinaw na gabay at pamantayan ay isang mahalagang bahagi ng *scaffolding process* na tumutulong sa mga mag-aaral upang mas epektibong matuto.

**Lumitaw na Tema 3: Pag-unlad ng Kasanayan sa Komunikasyon**

Ang **pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon** ay isa pang positibong epekto ng kooperatibong estratehiya. Bukod sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan, natututo rin silang magbigay ng respeto at tiwala sa sarili. Ayon kay Mercer (2021), ang epektibong komunikasyon sa loob ng isang kooperatibong grupo ay nakatutulong sa pagbuo ng argumentasyon at mas malinaw na pagpapahayag ng ideya. Isang guro ang nagpahayag na, *"Ang kooperasyon ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, mapalalim ang pag-unawa sa aralin, at mapaigting ang pagtutulungan at respeto sa isa't isa."* (P2).

**Lumitaw na Tema 4: Inklusibong kapaligiran**.

Bukod dito, isang mahalagang elemento ng kooperatibong estratehiya ang **inklusibong kapaligiran.** Ang pagkakaroon ng isang bukas at suportadong kapaligiran ay nagbibigay ng pantay

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang antas ng kakayahan. Ayon kay Tomlinson (2020), ang inklusibong pagtuturo ay nagpapalakas sa kakayahan ng mag-aaral na makisama sa iba't ibang kultura at antas ng kasanayan. Isang guro ang nagpahayag na, *"Ang kooperatibong estratehiya ay isang epektibong pamamaraan sa pagtuturo. Nakatutulong ito sapagkat nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita at maipamalas ang kanilang sariling kakayahan at talento anuman ang antas ng kanilang pagkatuto."* (P5). Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Florian (2019), na nagpapakita na ang pagsasama ng lahat ng mag-aaral sa mga aktibidad sa silid-aralan ay nagtataguyod ng pantay na oportunidad sa pagkatuto.

**Lumitaw na Tema 5: Malinaw na komunikasyon**

Panghuli, ang **malinaw na komunikasyon** ay isang pundasyon ng matagumpay na kooperatibong estratehiya. Ito ay mahalaga sa pagpapadali ng palitan ng ideya at sa mas epektibong pagtutulungan. Ayon kay Brown (2018), ang epektibong komunikasyon sa grupo ay may direktang epekto sa antas ng pagkatuto at kahusayan ng mga mag-aaral. Isang guro ang nagbahagi ng kanyang pananaw: *"Sa aking karanasan, ang malinaw na komunikasyon at ang pantay na partisipasyon ng bawat miyembro ang pinakamahalaga para sa tagumpay ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo."* (P6). Sinang-ayunan ito ng pananaliksik ni Dillenbourg (2022), na nagpapakita na ang mga mag-aaral na may malinaw na komunikasyon sa kanilang pangkat ay mas nagiging aktibo sa pagsasagawa ng mga gawain sa klase.

**Tematikong Pagsusuri ng mga Pangangailangan at Kahilingan ng mga Batikang Guro sa Filipino upang Maitaguyod nang Maayos ang Kooperatibong Estratehiya sa Pagtuturo**

**Talahanayan 4. Tematikong Pagsusuri ng mga** pangangailangan kahilingan ng mga batikang guro sa Filipino upang maitaguyod nang maayos ang kooperatibong estratehiya sa pagtuturo

**Tema 1: Malinaw na gabay at pagpaplano**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

| Lumilitaw na mga Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Kodigo | Mga Orihinal na Pahayag mula sa mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Malinaw na gabay at pagpaplano | Gabay at Estratehiya | malinaw na gabay, masusing pagpaplano | "Kinakailangan ang malinaw na gabay, epektibong komunikasyon, regular na feedback, at pagsasanay sa mga mag-aaral sa pakikipagtulungan." (P1) "Kailangan ng masusing pagpaplano ng mga aktibidad upang makamit ang layunin ng kooperatibong gawain." (P4) |
| Sapat na pagsasanay para sa guro | Suporta at Pagsasanay | pagsasanay, professional development | "Ang mga guro ay nangangailangan ng sapat na pagsasanay at patuloy na professional development." (P1) "Karagdagang mga seminar upang mas magamit ang kooperatibong estratehiya." (P2) "Mas maraming pagsasanay para sa mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya ng kooperasyon." (P5) |
| Suporta mula sa administrasyon at kapwa guro | Suporta at Pagsasanay | suporta ng administrasyon, tulong mula sa kapwa guro | "Mahalaga rin ang suporta mula sa administrasyon at mga kasamahan upang lumikha ng positibong kapaligiran na nagpapalakas ng pagtutulungan sa klase." (P1) "Kailangan ng suporta mula sa administrasyon na kailangang malinaw ang mga patakaran at programang binigay." (P4) |
| Paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo | Makabagong Estratehiya | teknolohiya, modernong kagamitan | "Paggamit ng mga teknolohiyang kinakailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral." (P3) "Gumamit ng teknolohiyang nakatutulong sa pag-unlad ng sistema ng pagtuturo." (P3) |
| Tamang pagpapangkat ng mag-aaral | Organisasyon ng Pangkat | tamang pagpapangkat, pag-unawa sa kakayahan | "Kilalanin ang mga mag-aaral upang matansya ang kasapi na nararapat sa bawat pangkat." (P2) "Ang maayos na pagpapangkat ng mga mag-aaral." (P6) |

Ayon sa mga guro, ang sistematikong pagpaplano ng mga gawain ay kinakailangan upang matiyak ang maayos na daloy ng kooperatibong gawain. Ipinahayag ng isang kalahok na *"Kapag may malinaw na direksyon ang isang aktibidad, mas nagiging maayos ang daloy ng talakayan at mas aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral."* Ipinapakita nito na ang maayos na pagpaplano ay hindi lamang nakakatulong sa guro kundi nagiging gabay din sa mga mag-aaral upang mas epektibong makilahok sa mga gawain.

Ayon kay Johnson et al. (2019), ang malinaw na gabay at pagpaplano ay nagpapataas ng kolaborasyon sa loob ng klase na nagbubunga ng mas mataas na antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, isang guro ang nagsabi na *"Kapag may gabay at istratehikong pagpaplano, nagiging mas organisado ang mga pangkatang gawain at nababawasan ang kalituhan ng mga mag-aaral."* Ipinapakita nito na ang malinaw na estruktura ng gawain ay may direktang epekto sa kalidad ng interaksyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

**Tema 2: Sapat na pagsasanay para sa guro**

Isa sa mahahalagang aspeto ng matagumpay na kooperatibong pagtuturo ay ang sapat na pagsasanay para sa mga guro. Ayon sa mga kalahok, kinakailangan ng tuluy-tuloy na **professional development** sa pamamagitan ng seminar at workshop upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. **Ipinahayag ng isang kalahok na ang patuloy na pagsasanay ay hindi lamang nakakatulong sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagtuturo kundi nagbibigay rin ng kumpiyansa sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa silid-aralan.** Isa pang kalahok ang nagbanggit na, "Ang mga

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

seminar at pagsasanay ay nagbubukas ng oportunidad upang makipagpalitan ng ideya sa ibang guro, kaya't mas napapabuti namin ang aming paraan ng pagtuturo."

**3: Suporta mula sa administrasyon at kapwa guro**

Mahalaga rin ang suporta mula sa administrasyon at kapwa guro upang mapadali ang paggamit ng kooperatibong estratehiya. Ayon sa isa sa mga kalahok, *"Kapag ramdam namin ang suporta ng aming mga punong-guro at kasamahan, mas nagiging madali at epektibo ang pagpapatupad ng mga estratehiyang ito dahil may tiyak kaming gabay at inspirasyon."* Ipinapakita nito na ang malinaw na patakaran at patuloy na mentorship mula sa pamunuan ay nakatutulong upang lumikha ng positibong kapaligiran para sa kolaborasyon sa klase.

Ayon kay Fullan (2019), ang suporta ng administrasyon ay may malaking epekto sa pagiging matagumpay ng mga estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa pagbabago at inobasyon sa loob ng silid-aralan. Isa sa mga kalahok ang nagpahayag na, *"Kapag may malinaw na direksyon mula sa aming pamunuan at may bukas na komunikasyon sa aming kapwa guro, nagiging mas produktibo ang mga aktibidad sa klase at mas nakikilahok ang mga mag-aaral."*

**4: Paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo**

Sa modernong panahon, mahalaga rin ang paggamit ng teknolohiya sa pagpapadali ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng makabagong kagamitan ay nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral at nagiging daan para sa mas interaktibong klase. Halimbawa, binanggit ng ilang kalahok sa pag-aaral na mas nagiging masigla at bukas sa talakayan ang mga mag-aaral kapag ginagamit ang mga digital platform tulad ng Google Classroom, Padlet, at Kahoot sa mga pangkatang gawain. Dahil dito, makikita na ang teknolohiya ay hindi lamang isang pantulong na kagamitan sa pagtuturo kundi isang mahalagang elemento na maaaring magpabuti sa kooperatibong estratehiya sa klase, lalo na sa pagpapalakas ng partisipasyon, komunikasyon, at kolaborasyon ng mga mag-aaral.

**5: Tamang pagpapangkat ng mag-aaral**

Bukod pa rito, isa sa mga pangunahing hamon sa pagpapatupad ng kooperatibong estratehiya ay ang malaking bilang ng mga mag-aaral sa isang klase. Maraming guro ang naniniwala na mas maliit na bilang ng mag-aaral sa isang silid-aralan ay nagbibigay-daan sa mas maayos na interaksyon at pagganap sa mga pangkatang gawain. Ayon kay Blatchford et al. (2019), ang mas maliit na laki ng klase ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng interaksyon at mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang malinaw na gabay at pagpaplano, sapat na pagsasanay para sa mga guro, suporta mula sa administrasyon at kapwa guro, epektibong paggamit ng teknolohiya, at pagbabawas ng bilang ng mag-aaral sa isang klase ay mga pangunahing salik sa matagumpay na pagpapatupad ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo. Ang mga elementong ito ay may batayang siyentipiko at patuloy na pinag-aaralan sa larangan ng edukasyon. Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga ito sa sistema ng pagtuturo, mas magiging epektibo ang proseso ng pagkatuto at mas magiging produktibo ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong paglalakbay.

## Conclusion and Recommendation

Batay sa pagsusuri, napatunayan na ang paggamit ng kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang naturang estratehiya ay nagdulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok, mas

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

malalim na pag-unawa sa aralin, at pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon at pakikisalamuha. Dagdag pa rito, napabuti nito ang relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral at nagpatibay ng kooperasyon sa pangkatang gawain. Natukoy rin na ang pinakamahalagang aspeto ng kooperatibong estratehiya ay ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at makahulugang talakayan. Binibigyang-diin din ng mga batikang guro ang malinaw na gabay at pamantayan, patas na distribusyon ng gawain, at inklusibong kapaligiran upang matiyak na lahat ng mag-aaral ay makikilahok nang epektibo.

Sa natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik magpatupad ng polisiya na nagtatakda ng pinakamainam na laki ng klase upang matiyak ang epektibong pagpapatupad ng kooperatibong estratehiya. Mahalaga rin ang pagbibigay ng sapat na suporta sa mga guro sa pamamagitan ng regular na pagsasanay at pagbibigay ng sapat na kagamitan para sa interaktibong pagtuturo at **k**ailangang gumamit ng sistematikong paraan sa pamamahala ng oras at pantay na distribusyon ng gawain sa loob ng pangkat. Maaaring gamitin ang structured role assignments, scaffolding techniques, at regular na feedback upang mapalakas ang kumpiyansa at pakikilahok ng lahat ng mag-aaral.

## References

Asmad, A. I., et al. (2024). Estratehiya at Kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral. *International Multidisciplinary Journal of Science and Technology*. Nakuha mula sa https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2024/08/IMJSTP29121051.pdf

Balagtas, P. D. (2019). *Epekto ng Kooperatibong Pagkatuto sa Kaangkupan ng mga Materyales sa Filipino*. J*ournal of Philippine Education,* 14(1), 21-35.

Baluyot, M., & Lumabi, J. (2021). Cooperative learning strategies in Philippine schools: Challenges and innovations. *Philippine Journal of Educational Research*, 13(2), 45-56.

Biggs, J. B. (2019). *The Role of Instructional Design in Teaching and Learning*. Cambridge University Press.

Centino, L. B., & Centino, L. B. (2024). Karanasan ng mga Gen Z na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. *RISE Journal.* Nakuha mula sa https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/download/724/1106/2179

Clark, R. C. (2018). *Building Expertise: Cognitive Methods for Training and Performance Improvement*. *John Wiley & Sons.*

Cruz, M. S. (2021). *Polyeto sa Filipino: Kaangkupan at Pagkabuo sa Pagtuturo*. *Philippine Educational Review,* 16(3), 45-59.

Darling-Hammond, L. (2018). *The Flat World and Education: How America's Commitment to Equity Will Determine Our Future*. *Teachers College Press*

Fullan, M. (2021). *Leading in a Culture of Change*. *Jossey-Bass.*

Garcia, P. D. (2019). *Implementasyon ng Kooperatibong Pagkatuto sa mga Paaralan sa Pilipinas: Isang Pagsusuri*. *Philippine Journal of Educational Strategies,* 10(1), 23-37.

Gillies, R. M., & Boyle, M. (2020). Teachers' Reflections on Cooperative Learning: Issues of Implementation. *Teaching and Teacher Education,* 26(4), 933-940.

Hattie, J. (2019). *Visible Learning: A Synthesis of Over 800 Meta-Analyses Relating to Achievement*. *Routledge*

Johnson, D. W., & Johnson, R. T. (2005). *Social Interdependence Theory and Cooperative Learning*.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-35

Johnson, D. W., & Johnson, R. T. (2019). Cooperative Learning: Improving University Instruction by Basing Practice on Validated Theory. *Journal on Excellence in University Teaching,* 25(4), 85-118.

Kagan, S., & Kagan, M. (2021). Kagan Cooperative Learning. *Kagan Publishing*

Kolb, D. A. (1984). *Experiential Learning: Experience as the Source of Learning and Development*. *Prentice Hall.*

Lopez, R. G. (2020). *Balididiti ng mga Materyales sa Pagtuturo: Epekto sa Pagkatuto*. *Journal of Philippine Education Research*, 13(2), 89-104.

Mahaguay, J. (2020). Ang Tradisyunal at Makabagong Paraan ng Pagtuturo. Scribd. https://www.scribd.com/document/472222998/Ang-Tradisyunal-at-Makabagong-Paraan-ng-Pagtuturo

Mayer, R. E. (2020). *Multimedia Learning*. *Cambridge University Press.*

Mendoza, J. A. (2023). *Pagsasanay ng mga Guro sa Kooperatibong Estratehiya: Epekto sa Pagtuturo ng Filipino*. *International Journal of Educational Development in the Philippines, 1*8(3), 78-92.

OECD. (2021). The role of collaborative teaching strategies in 21st-century classrooms. *OECD Education Working Papers*.

Oracion, E. G., et al. (2020). Revisiting teaching strategies in the Philippine K-12 curriculum: Focus on language and literature. *Philippine Language and Education Review*, 10(1), 75-93.

Pasi, R. (2020). *The Impact of Traditional Teaching Methods on Student Learning: Global Insights. Education Today,* 24(4), 73-85.

Piniano, V. S. (2023). Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro sa Asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino at ang Antas ng Aktibong Motibasyon ng mga Mag-Aaral sa Pribado at Pampublikong Mataas na Paaralan sa Lungsod ng Trece Martires. *Philippine E-Journals.* https://ejournals.ph/article.php?id=24342

Reyes, M. C. (2021). *Kooperatibong Pagkatuto at Pagpapahalaga sa Kulturang Pilipino sa Asignaturang Filipino*. *Journal of Cultural Education,* 9(2), 112-126.

Rivera, M. T. (2023). *Pagkabuo at Anyo ng Polyeto: Pagtuturo sa Filipino sa mga Paaralang Pilipino. Educational Review Journal,* 14(5), 56-70.

Santos, J. L. (2021). *Tradisyonal at Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Komparatibong Pag-aaral*. *Journal of Philippine Educational Practices, 1*6(3), 33-50.

Slavin, R. E., & Lake, C. (2018). Effective Programs in Elementary Mathematics: A Best-Evidence Synthesis. *Review of Educational Research, 7*8(3), 427-515.

Sweller, J. (2022). *Cognitive Load Theory: An Overview*. Educational Psychology Review, 34(4), 101-120.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes*. *Harvard University Press.*